



# Social Security

Ang Pagtratrabaho  
Habang May  
Kapansanan—Paano  
Kami Makakatulong

2013

[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)

# Makipag-ugnay sa Social Security

## Bisitahin ang aming website

Ang aming website na [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov), ay isang mahalagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga programa ng Social Security. Sa aming website, kayo din ay:

- Makapag-aaplay para sa mga benepisyo ng pagreretiro, kapansanan, at Medicare;
- Makarerepaso ng inyong *Social Security Statement*;
- Makakukuha ng lokasyon ng inyong lokal na tanggapan ng Social Security;
- Makahihiling ng kapalit na kard ng Medicare; at
- Makahahanap ng kopya ng aming mga publikasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga insentibo sa pagtatrabaho at ibang mga paksa sa booklet na ito, pumunta sa aming espesyal na worksite pages sa [www.socialsecurity.gov/work](http://www.socialsecurity.gov/work). Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

## Tawagan ang aming libreng numero

Bukod sa paggamit ng aming website, maaari ninyo kaming tawagan nang libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing naming kompidensyal ang lahat ng mga tawag. Kung ang inyong wika ay Kastila, pindutin ang numero 2. Para sa lahat ng ibang wika, pindutin ang numero 1, manatili sa linya at mamalaging tahimik habang ang boses na Ingles ay awtomatikong nag-uudyok hanggang sumagot ang isang representante. Kokontak ang representante ng isang tagapagsalin na makatutulong sa inyong tawag. Ang mga serbisyo sa pagsasalin ay nakukuhang libre. Makasasagot kami sa partikular na mga katanungan mula 7 n.u. hanggang 7 n.g., Lunes hanggang Biyernes. Karaniwan, mas maikli ang paghihintay ninyo kung kayo ay tatawag pagkaraan ng Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyo ng telepono 24 oras bawat araw. Kung kayo ay bingi o hirap sa pagdinig, maari kayong tumawag sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**.

Nais din naming makasiguro na makatatanggap kayo ng wasto at magalang na serbisyo. Iyan ang dahilan kung kaya mino-monitor ng pangalawang representante ng Social Security ang iilang mga tawag sa telepono.

## Ano ang nasa loob

**Kukuha ba kayo ng mga benepisiyo para sa kapansanan? Matutulungan namin kayong makapagtrabaho.....4**

---

Mag alituntunin ng Social Security tungkol sa kapansanan

**Mga insentibo ng Social Security satrabaho sa isang sulyap.....6**

---

**Paano maaapektohan ng inyong kita ang inyong mga Benepisiyo sa Social Security.....8**

---

**Anoangdapat iulatkung kayo ay magtatrabaho at tatanggapng (mgabenepisyoparasa) kapansananng Social Security.....9**

---

**Kung mawala ninyo ang inyong trabaho.....10**

---

**Mga alituntuning sadya para sa mga manggagawang bulag.....10**

---

Mga alituntunin ng programang Supplemental Security Income (SSI)

**Mga insentibo ng SSI sa trabaho sa isang sulyap.....11**

---

**Paano maaapektohan ng inyong kita ang inyong mga kabayaran sa SSI.....13**

---

**Ano ang dapat iulat kung kayo ay magtatrabaho at tatanggap ng SSI.....14**

---

**Gaano katagal magpapatuloy ang inyong Medicaid.....15**

---

## Kukuha ba kayo ng mga benepisiyo para sa kapansanan? Matutulungan namin kayong makapagtrabaho

*Kung kayo ay kukuha ng mga benepisiyo para sa kapansanan, mayroon kaming magandang balita sa inyo. Makatutulong sa inyo ang mga programa ng insentibo sa trabaho ng Social Security at ang Ticket to Work kung interesado kayong magtrabaho.*

May mga espesyal na alituntunin ay ginagawang posible para sa mga taong tumatanggap ng mga Social Security benepisiyo sa kapansanan o Supplemental Security Income (SSI) na magtrabaho at patuloy pa ring makatatanggap ng mga buwanang pagbabayad.

At kung hindi kayo makapagpapatuloy na magtrabaho dahil sa iyong medikal na karamdaman, ang inyong mga benepisiyo ay maaaring magsimulang muli—maaaring hindi na ninyo kailangang maghain ng bagong aplikasyon.

Kabilang sa mga insentibo sa trabaho ang:

- Patuloy na mga pagtanggap ng mga pinansyal na benepisiyo nang ilang panahon habang kayo'y nagtrabaho;
- Patuloy na Medicare o Medicaid habang kayo ay nagtrabaho; at
- Tulong sa edukasyon, pagsasanay at rehabilitasyon upang magsimula ng bagong uri ng trabaho.

Magkakaiba ang mga alituntunin sa ilalim ng Social Security at SSI. Inilalarawan ang mga alituntunin sakanya-kayang bahagi ng booklet na ito. Ang mga insentibo ng Social

Security ay nagsisimula sa pahina 6, at mga insentibo ng SSI ay nagsisimula sa pahina 11.

Subalit, kungkayo man tumatanggap ng Social Security o SSI, mahalagang ipaalam kaagad sa amin kung kayo ay magsisimula pa o hihinto na sa pagtatrabaho, o kung mayroong anumang ibang mga pagbabagong mangyayari na maaaring makaaapekto sa inyong mga benepisyo.

Ang programang 'Ticket to Work' ay maaaring makatutulong din sa inyo kung nais ninyong magtrabaho. Maaari kayong makatanggap ng mga libreng bokasyonal narehabilitasyon (vocational rehabilitation), pagsasanay, mga referral sa trabaho at ibang mga serbisyong sumusuporta sa pagtatrabaho na wala kayong babayaran. Hindi kayo sasailalim sa mga medikal na pagtatasa habang ginagamit ninyo ang tiket at maayos na umuusad sa planong bumalik sa trabaho.

Kapag handa kayong tingnan ang inyong mga opsiyon sa trabaho, mayroon kaming isang national call center kung saan makakausap ninyo kami nang direkta tungkol sa trabaho, benepisyo o mga programa naming sa insentibo sa trabaho. Tumawag lamang kayo sa **1-866-968-7842**, Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng alas-8 ng umaga at alas-8 ng gabi EST. Kung kayo ay bingi o nahihirapan sa pandinig, maaari ninyong tawagan ang aming TTY na numero, **1-866-833-2967**. O kaya ay maaari ninyong tawagan ang aming libreng numero at hilingin ang *Your Ticket To Work* (Publikasyon Blg. 05-10061).

Maaari rin kayong bumisita sa Ticket to Work website sa [www.choosework.net](http://www.choosework.net) para sa karagdagang impormasyon.

## Mga insentibo ng Social Security satrabaho sa isang sulyap

(Ang mg alituntunin ng SSI program ay nag-uumpisa sa pahina 11.)

### **Panahon ng pagsubok sa trabaho—**


Ang panahon ng pagsubok sa trabaho ay nagpapahintulot sa inyo na tingnan ang inyong kakayahang magtrabaho sa hindi bababa ng siyam na buwan. Sa loob ng inyong panahon ng pagsubok sa trabaho, matatanggap ninyo ang inyong buong benepisiyo sa Social Security kahit na magkano ang inyong kinikita basta ipapaalam ninyo ang iyong pagtrabaho at patuloy ang taglay ninyong kapansanan. Sa 2013, ang isang buwang pagsubok sa trabaho ay ang anumang buwan kung saan ang inyong kabuuang kita ay higit sa \$750, o kung kayo’y nagtatrabaho para sarili, ay kumikita ng higit \$750 (pagkatapos ng mga gastusin) o magtrabaho ng higit 80 oras sa inyong sariling negosyo. Magpapatuloy ang panahon ng pagsubok sa trabaho hanggang kayo ay nakapagtatrabaho ng siyam na buwan sa loob ng 60 buwan.

**Pinahahabang panahon ng pagkwalipikado—**Pagkatapos huminto ang inyong panahon ng pagsubok sa trabaho, mayroon kayong 36 buwan na maaaring magtrabaho at tumanggap pa rin ng mga benepisiyo para sa anumang buwang ang inyong kita ay hindi “malaki”. Sa 2013, karaniwang itinuturing naming malaki ay ang kitang higit sa \$1,040 (\$1,740

kung kayo’y bulag). Walang kailangang bagong aplikasyon o pagpapasiya para sa kapansanan at kayo’y ay makatatanggap ng benepisiyo sa kapansanan mula sa Social Security sa panahong ito.

**Pinabilis na pagbabalik ng mga benepisiyo)**—Pagkatapos tumigil ang inyong mga benepisiyo sa dahilangmalaki na ang inyong kita, kayo ay may limang taon, kung kalian maaari kayong humilingna aming sisimulan kaagad ang inyong mga benepisiyo kung hindi kayo makapagtrabaho dahil sa inyong karamdaman. Hindi ninyo kailangang magfile ng bagong aplikasyon para sa kapansanan at hindi ninyo kailangang hintaying magsimula ang inyong mga benepisiyo habang ang inyong medikal na kondisyon ay susuriin upang siguraduhing kayo ay mayroon pa ring kapansanan.

**Pagpapatuloy ng Medicare**—Kung ang inyong mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan ay matitigil dahil sa inyong kinikita, datapwa’t mayroon pa rin kayong kapansanan, ang inyong libreng Medicare Bahagi A coverage ay magpapatuloy nang di-bababa ng 93 buwan pagkatapos ng siyam na buwangpanahon ng pagsubok sa trabaho. Pagkatapos nito, maaaari kayong bumili ng Medicare Bahagi A coverage sa pamamagitan ng pagbayad ng buwanang premium. Kapag sakop kayo Medicare Bahagi B, dapat na patuloy ninyong bayaran ang premium. Kung nais



ninyong ihinto ang Bahagi B coverage, dapat hilingin ninyo ito sa pamamagitan ng pagsulat.

**Mga gastos sa trabaho na may kinalaman sa inyong kapansanan**—Kung kayo ay nagtrabaho, maaaring kailangan ninyong bayaran ang ilang mga bagay at mga serbisyo na hindi binabayaran ng mga taong walang mga kapansanan. Halimbawa, dahil sa iyong kondisyong medikal, maaaring kailangan ninyong sumakay ng taxi papunta sa trabaho, sa halip na sumakay sa pampublikong transportasyon, o magbayad para sa mga serbisyo sa pagpapayo. Maaari kaming magkaltas ng mga gastusing ito mula sa inyong buwanang kita bago namin malaman kung kayo ay karapat-dapat pa rin sa mga benepisyo.

## **Paano maapektohan ng inyong kita ang inyong mga Benepisiyo sa Social Security**

Sa panahon ng pagsubok ng trabaho, walang mga limitasyon sa inyong kita. Sa 36-buwan ng pinahabang panahon sa pagka-kwalipikado, karaniwang hindi kayo maaaring kumita ng higit sa \$1,040 bawat buwan o maaring matitigil ng inyong mga benepisyo. Subalit, ang mga gastusin sa trabaho na inyong natamo bilang resulta ng inyong kapansanan ay kakaltasin kapag binibilang na namin ang inyong kita. Kung mayroon kayong karagdagang gastos sa trabaho, ang inyong kita ay maaaring higit na mas malaki sa \$1,040 bago nito maapektohan ang inyong mga benepisiyo. Ang halaga ng mga sapat na kinikita ay karaniwang tumataas bawat taon.



Ibinabawas namin mula sa inyong kita ang mga gastos sa trabaho na may kinalaman sa inyong kapansanan bago kami magpapasiya kung kayo ay maging kwalipikado pa rin para sa mga benepisiyo. Maaaring kabilang sa mga gastos na ito ang gastos ng anumang bagay o serbisyo na kailangan ninyo upang magtrabaho, kahit na ang bagay o serbisyo ay nagagamit rin sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kabilang sa mga halimbawa ang mga co-payment para sa de-resetang mga gamot, mga serbisyo sa pagpapayo, transportasyon papunta at mula sa trabaho (sa ilalim ng ilang mga kondisyon), isang personal na tagapangalaga o tagapayo sa trabaho, isang wheelchair o anumang mga natatanging kagamitan sa trabaho.

## **Ano ang dapat iulat kung kayo ay magtatrabaho at tatanggap ng (mgabenepisyoparasa) kapansanan ng Social Security**

Kung tatanggap kayo ng Social Security dahil sa isang kapansanan, dapat ninyong ipaalamsaaminkaagad kapag:

- Kayo ay nagsimula o tumigil sa pagtatrabaho;
- Ang inyong mga responsibilidad, oras o pagbabago sa suweldo; o
- Kayo ay nagsimulang magbayad ng mga gastos sa trabaho dahil sa inyong kapansanan.

Maaari ninyong iulat ang mga pagbabago sa inyong gawain sa trabaho sa pamamagitan ng telepono, koreo o personal na pagbigay-alam. Mahahanap ninyo ang inyong lokal na tanggapan sa aming website sa

[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov). Bibigyan namin kayo ng resibo upang patotohanan ang inyong ulat. Itago ang resibong ito kasama ng inyong ibang mahahalagang papeles mula sa Social Security.

## **Kung mawala ninyo ang inyong trabaho**

Kung mawala ninyo ang inyong trabaho sa pagsubok na panahon sa trabaho, hindi apektado ang inyong mga benepisyo. Kung mawala ninyo ang inyong trabaho sa panahon ng 36 na buwanngpinahabangpanahon ng pagiging karapat-dapat, tawagan kami at ang inyong mga benepisyo ay ibabalik habang may kapansanan pa kayo.

## **Mga alituntuning sadya para sa mga manggagawang bulag**

Kung kayo ay bulag at kayo ay nagtatrabaho habang tumatanggap ng inyong mga benepisyo sa Social Security, mayroong mga sadyang alituntunin.

- Maaari kayong kumita nang hanggang \$1,740 bawat buwan sa 2013 bago maapektohan ng inyong kita ang inyong mga benepisyo.
- Kung kayo ay kikita ng napakalaki para tumanggap ng mga benepisyo para sa kapansanan, karapat-dapat pa rin kayo sa isang “freeze” sa kapansanan. Nangangahulugan ito na hindi namin bibilangin iyong mga taong kayo ay may kaunti o walang kita dahil sa inyong kapansanan sa pagtitiyak ng inyong pangkinabukasang mga benepisyo.

Makatutulong ito sa inyo dahil ang inyong mga benepisyo ay binabatay sa inyong pinakamalaking kita sa buong panahon ng inyong pagtatrabaho. Para sa karagdagang impormasyon sa mga alituntuning sadya para sa mga taong bulag, hilingin ang *If You Are Blind Or Have Low Vision—How We Can Help* (Publikasyon Blg. 05-10052).

## Mga insentibo ng SSI sa trabaho sa isang sulyap

(Ang mga alituntunin ng Social Security sa kapansanan ay magsisimula sa pahina 6.)

**Pagpapatuloy ng SSI**—Ang mga pagbabayad ng SSI ay ibinibigay sa mga taong 65 taong gulang, bulag o may kapansanan at maliit ang kinikita o mapagkukunan. Kung kayo ay may kapansanan at nagtatrabaho sa kabila ng inyong kapansanan, kayo ay maaaring magpapatuloy sa pagtanggap ng mga pagbabayad hanggang ang inyong kita, kasama ang alinmang ibang kinita, ay lumampas sa limitasyon ng SSI para sa kita. Ang limitasyong ito ay paiba-iba sa bawat estado. Kahit na tumigil ang inyong mga kabayaran sa SSI, ang inyong pagkasaklaw ng Medicaid ay karaniwang magpapatuloy kung ang inyong kita ay mas mababa sa halagang itinakda ng inyong estado.

**Pinabilis na pagbalik (ng mga benepisiyo)**—Kung itinigil namin ang mga pagbabayad sa inyo dahil sa inyong kita at kayo ay muling hindi makapagtatrabaho dahil sa inyong medikal na karamdaman, maaari ninyo kaming hilingin na simulan muli ang mga pagbabayad sa inyo. Hindi na ninyo kailangang mag-hain ng panibagong aplikasyon para sa kapansanan kung

gagawin ninyo ang kahilingang ito sa loob ng limang taon matapos ang buwang tumigil ang inyong mga benepisiyo.

**Mga gastusin sa trabaho na kaugnay sa inyong kapansanan**—Kung kayo ay magtatrabaho, maaaring kakailanganin ninyong magbayad para sa ilang mga bagay at serbisyo na hindi naman binabayaran ng mga taong walang kapansanan. Halimbawa, nang dahil sa inyong medikal na karamdaman, maaaring mangangailangan kayo ng taksi papunta sa trabaho, sa halip na sumakay sa pampublikong transportasyon, o magbayad para sa mga serbisyo sa pagpapapayo. Marahil ay maari naming kaltasinang mga gastusing ito mula sa inyong buwanang kita bago namin tiyakin kung kayo ay karapat-dapat pa rin sa mga benepisiyo.

**Ang plano para sa pagkamit ng pansariling pagtataguyod**—Kung aming aaprubahan ang inyong plano para sa isang layunin sa trabaho na siyang magbabawas ng inyong pagpapakandili sa SSI o tulungan kayong makaalis sa listahan ng Social Security para sa kapansanan o SSI, ang anumang pera na inyong gagamitin para sa layuning ito ay hindi bibilangin kapag aming titiyakin kung paano ang inyong kasalukuyang kita at mapagkukunan ay makakaapekto sa halaga ng inyong kabayaran. Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang *Working While Disabled—A Guide To Plans For Achieving Self-Support* (Publikasyon Blg. 05-11017).

**Mga mag-aaral namay mga kapansanan**—Hindi namin bibilangin ang hanggang \$1,730 ng inyong kita bawat

buwan sa 2013 (hanggang \$6,960 para sa 2013) kapag kinalkula namin ang halaga ng kabayaran ng inyong SSI kung kayo ay wala pang 22 taong gulang at pirmihang pumapasok sa paaralan o nasa isang programa sa pagsasanay.

## Paano maaapektohan ng inyong kita ang inyong mga kabayaran sa SSI

Ang halaga ng inyong mga kabayaran sa SSI ay ibinabatay sa kung gaano kalaki ang inyong ibang kita. Kapag ang inyong ibang kita ay tumaas, ang inyong mga kabayaran sa SSI ay karaniwang bababa. Kaya kapag kumita kayo nang mas malaki kaysa sa limitasyon ng SSI, ang inyong mga kabayaran ay titigil para sa mga buwang iyon. Nguni't, kusang magsisimula muli ang inyong mga kabayaran para sa anumang buwan kung kailan bababa ang inyong kita nang mas mababa kaysa mga limitasyon ng SSI. Ipaalam lamang sa amin kung bababa ang inyong kita, o kung titigil kayo sa pagtatrabaho.

Kung ang inyong kaisa-isang kita bukod sa SSI ay ang perang kinikita ninyo mula sa inyong trabaho, hindi namin bibilangin ang unang \$85 ng inyong buwanang kita. Ibinabawas namin mula sa inyong mga kabayaran sa SSI ang 50 sentimos sa bawat dolyar na kinikita ninyo pagkatapos ng \$85 na pagbabawas.

**Halimbawa:** Kayo ay nagtatrabaho at kumikita ng \$1,000 bawat buwan. Hindi kayo tumatanggap ng ibang kita maliban sa inyong kinikita at ang inyong SSI.

\$1,000

-\$85

---

\$915 hinati sa 2 = \$457.50

Ibabawas namin ang \$457.50 mula sa inyong kabayaran sa SSI.

Maaarikayong karapat-dapat sa isang “plano sa pagkamit ng pansariling pagtataguyod” na nagpapahintulot sa inyo na gumamit ng pera at mga mapagkukunan para sa isang tiyak na layunin sa trabaho. Ang mga perang ito ay hindibinibilang kapag tinitiyak namin kung paano maaapektohan ng inyong kasalukuyang kita at mapagkukunan ang halaga ng inyong benepisiyo.

## **Ano ang dapat iulat kung kayo ay magtatrabaho at tatanggap ng SSI**

Kung kayo ay tatanggap ng SSI, dapat ninyong ipaalam kaagad sa amin kapag:

- Kayo ay magsisimula o titigil sa pagtatrabaho;
- Ang inyong mga responsibilidad, oras o pagbabago sa suweldo; o
- Kayo ay magsisimulang magbayad ng mga gastusin sa trabaho nang dahil sa inyong kapansanan.

Dapat ninyong iulat ang inyong buwanang kita sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa amin nang libre sa 1-800-772-1213 na hindi tatagal kaysa ika-6 na araw ng susunod na buwan, o
- Koreo o pagdadala ng inyong mga pay stubsa inyong lokal na tanggapan na hindi tatagal kaysa ika-10 araw ng susunod na buwan.

Mahahanap ninyo ang inyong lokal na tanggapan sa aming website sa [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov). Bibigyan namin kayo ng resibo upang patotohanan ang inyong ulat. Itago ang resibong ito kasama ng lahat ng inyong ibang mahahalagang mga papeles mula sa Social Security.

Karamihan ng mga taong may magagamit natelepono ay maaaring mag-ulat ng suweldo gamit ang aming automated wage reporting system. Ang pag-uulat ng buwanang suweldo sa pamamagitan ng telepono ay makatitipid ng papel, selyo at oras sa pamamagitan ng pag-aalis ng pangangailangang kumopya, mag-fax o magpadala sa koreo ng ebidensiya ng suweldo sa lokal na tanggapan. Makipag-ugnay sa Social Security upang magpalista.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon sa pag-uulat ng kita, humiling ng *Reporting Your Wages When You Receive Supplemental Security Income (SSI)* (Publikasyon Blg. 05-10503).

## Gaano katagal magpapatuloy ang inyong Medicaid

Sa kalahatan, ang inyong pagkasaklaw sa Medicaid ay magpapatuloy, kahit matapos tumigil ang inyong mga kabayaran ng SSI, hanggang ang inyong kita ay aabot sa isang takdang halaga. Ang halagang iyon ay paiba-iba sa bawat estado at naglalarawan ng halaga ng pangkalusugang pangangalaga sa inyong estado. (Masasabihan namin kayo kung ano ang halaga ng Medicaid para sa inyong estado.) Gayunpaman, kung ang halaga ng inyong pangkalusugang pangangalaga ay mas mataas kaysa

halagang ito, maaari kayong kumita nang mas mataas at mapanatili ang inyong Medicaid. Sa karamihan ng mga estado, para mapanatili ang inyong Medicaid, dapat ay:

- Kailangan ninyo ito upang makapagtrabaho;
- Hindi ninyo kakayanin ang kaparehang pagkasaklaw na medikal kung walang SSI;
- Patuloy kayong may kapansanang kalagayan; at
- Matugonan ninyo ang lahat ng ibang kinakailangan sa pagkakarapat-dapat sa SSI.

Kung kayo ay kwalipikado para sa Medicaid sa ilalim ng mga alituntuning ito, rerepasuhin namin ang inyong kaso maya't-maya upang malaman kung kayo ay patuloy na may kapansanan o bulag at kumikita pa rin nang mas mababa kaysa sa pinahihintulutang halaga ng inyong estado.



*Notes*

---

[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)



**Social Security Administration**  
SSA Publication No. 05-10095-TL  
Working While Disabled—How We  
Can Help (Tagalog)  
January 2013